


# CNORTE nakiisa sa pagdiriwang ng ika-110 Kasarinlan ng Pilipinas

BATINGAW
DIARYO NG MASA
PARA SA KAUNLARAN

TAON 7, BLG. 12 DAET, CAMARINES NORTE HUNYO 2008
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: http:///www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com




Pinangunahan muli ng pamahalaang panlalawigan ang pakikiisa ng Lalawigan ng Camarines Norte sa pambansang pagdiriwang ng ika-110 taong anibersaryo ng kalayaan ng bansa noong ika-12 ng Hunyo 2008 na nakatuon sa temang, "*Republic Service,* Tungo sa ganap na Kalayaan at Kaunlaran".

Isang simple ngunit makabuluhang selebrasyon ang inihanda ng pamahalaang panlalawigan dito sa pamamagitan ng *Museum, Archives and Shrine Curation Division (MASCD)* ng Tanggapan

*(Sundan sa pahina* ***3****)*







*Ang pagdiriwang ng ika-110 taong Anibersaryo ng Kalayaan dito sa Camarines Norte na sinimulan sa pamamagitan ng pagtataas ng watawat ng Pilinas na pinangunahan nina Ms. Luisa Vinzons at PA Nap A. Malaluan; Samantala, pinangunahan naman ni Prov'l Warden Ramon P. Dominguez ang Panunumpa sa Watawat na sinundan ng commemorative parade na nilahukan ng mga kawani ng pamahalaan at mag-aaral.*

# RESOLUTION NO. 157-2008

*A RESOLUTION ADOPTING AN ORDINANCE REGULATING THE ESTABLISHMENT AND OPERATION OF INTERNET CAFÉS OR COMPUTER RENTAL SHOPS/COMPUTER GAMING SHOPS OR CENTERS IN THE PROVINCE OF CAMARINES NORTE AND PROVIDING PENALTIES FOR VIOLATION THEREOF, REVISING FOR THE PURPOSE, PROVINCIAL ORDINANCE NO. 30-2003, OTHERWISE KNOWN AS "AN ORDINANCE REGULATING THE OPERATION OF FUNHOUSES WITH VIDEO GAMES AND THE LIKE, AND PROVIDING PENALTIES FOR VIOLATION THEREOF".*

Authors: HON. PAMELA PARDO-PUJALTE, HON. LINO P. REGALA, Ex-Officio (PCL), HON. ARTHUR MICHAEL G. CANLAS, HON. JONAH G. PIMENTEL

WHEREAS, the trend towards globalization manifests worldwide advancement in information technology marked by the proliferation of internet establishments throughout the province turning pornography into a rapid activity worldwide through Cybersex that stems from the marriage of sexual exploitation and technology advancement that women and children protection issues and concerns have to be expanded to the environment of the World Wide Web;

WHEREAS, the unregulated operations of these internet establishments have significantly provided a more dynamic venue for pornography where business is influenced by easy access, providing a discrete process and opportunity for anonymity and where sales are guaranteed in site memberships alone contributing to the rise of internet pornography, particularly involving women and children, and the proliferation of violence and crimes;

WHEREAS, early and frequent exposure or contact with pornographic materials may pose unhealthy effects on the developing sexuality of its recipients, foster lack of empathy for its victims, influence sexually abusive behavior and violent acts that may include rape, child molestations or the incidental or consequential assault on minors.

*(Continued on page 7)*

Salamat Gob HELP column p 2

nasa loob

EDITORYAL 4

PIKTORYAL 5



SP Kgd. Pamela P. Pujalte



SP Kgd. Michael Canlas



SP Kgd Lino Regala



SP Kgd Jonah Pimentel

# Inilahad, mga tampok na nagawa ng ABK Initiative sa taong 2005-2008

Inilahad kamakailan ng *ABK Initiative (ABKI)* ang mga tampok na programa at proyektong naisagawa nito simula taong 2005 hanggang 2008 sa mga barangay ng Sta. Rosa Sur, Luklukan Norte, Luklukan Sur at Sta. Elena sa bayan ng Jose Panganiban; at Brgy. Dalas sa bayan ng Labo.

Sa kabuuan, nakamit ng ABKI ang 4 na pangunahing goals nito: 1) *awareness raising and advocacy*; 2) *access to formal and non-formal education programs and provide direct educational assistance*; 3) *target partners implement responsive policies and programs and fostering educational alternative initiatives for child labor*, at; 4) *facilitate sustainable actions for the elimination of child labor incidence*.

Isa sa mga nagawa nito sa ilalim ng *goal 1* ay ang produksyon at pamamahagi ng mga *information education campaign (IEC) materials* tulad ng mga *leaflets, posters*, *tarpaulin* at *brochures* ukol sa mga batas na nagbibigay-proteksyon sa mga kabataan at sa kanilang karapatan gayundin ang pakikipag-ugnayan sa *media institutions* at *broadcast personnel*. Binuo rin nito at isinahimpapawid sa DWCN-FM *Radyo ng Bayan* ang programang Tinig Bulilit tuwing araw ng Linggo sa ganap na ika-10 hanggang ika-11 ng umaga sa pakikipagtulungan ng *Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO)*, *Philippine Information Agency (PIA)*, at *Labo Municipal Information Office*.

Itinaguyod din nito ang selebrasyon ng Buwan ng Kabataan simula taong 2005-2007 kung saan isinagawa nito ang *film showing* at *orientation* ukol sa karapatan at tungkulin ng mga kabataan at mga batas na nangangalaga sa kanila, pinakamapanganib na uri ng paggawa ng mga kabataan, *essay writing* at *poster-making contests*, *mural-making* at *radio hopping* at *motorcade*.

Isinagawa rin nito ang *Provincial Child Labor Congress* noong Abril 2006, *First Provincial Media Summit Against Child Labor* noong Oktubre 2006, at ang *Municipal Child Labor Congress* noong Mayo 2007, at lumahok sa panlalawigang kampanya para maisulong ang mga karapatan at tungkulin ng mga kabataan sa lalawigan.

Ipinadala nito ang isa sa kanilang benepisaryo na kinapanayam ni Tina Monzon-Palma ng *ANC Network* sa kaugnay sa selebrasyon ng *Environmental Week*; at 2 benepisaryo naman ang pinadalo nito sa *Luzonwide Children's Congress* na isinagawa sa Tagaytay noong Abril 2007.

Sa ilalim ng goal 2, nakapagbigay ito ng tulong pang-edukasyon sa may 3,106 *child laborers/children at risks (CLs/CARs)*; SY 2005-2006 – 598; SY 2006-2007 - 1,427, at; SY 2006-200 - 1,081 o kabuuang 3,106 *CLs/CARs*

Naipatupad din ng ABKI ang konstruksyon ng *one-storey building* ng *Labo Science and Technology High School (LSTHS)* sa Brgy. Dalas, Labo at ang *library cum audio-visual room* sa Regino Yet Elementary School sa Brgy. Luklukan Sur, Jose Panganiban. Naipaayos din nito ang 22 na silid-aralan ng 3 paaralang elementarya sa bayan ng Jose Panganiban: *Calogcog Elem. School (CES)*, Brgy. Luklukan Norte - 6; *Sta. Elena Elem. School (SEES)*, Brgy. Sta. Elena – 5, at; *Ramon V. Heraldo Elem. School (RVHES)* na dating *Sta. Rosa Rosa Sur Elem. School* (Brgy. Sta. Rosa Sur) – 11, o umaabot sa bilang na 22.

Bumili ang *ABKI* ng mga aklat at *school tools and equipment* tulad ng 430 *arm chairs*, 2 *pcs. compound microscope* at 10 *boxes of slides*, 7 *sets* ng *Thesaurus mini-library dictionary*, 10 *pcs. library tables*, 4 *pcs. of compound microscope* kasama na ang *science tools* at *kits* tulad ng *beaker, cylinder*, at iba pa; 30 *pcs.* ng *English reference books (Reading Network Volumes 1-6)*, 1 *pc. whiteboard*; 216 pcs. *ETV DVDs* (Epol Apple, Math Tinik, Bayani, Sineskwela), tig-iisang yunit ng 21" at 25" *colored TVs*, at; 1 *unit DVD player*.

Naging benepisaryo nito ang *LSTHS* at *Labo Elementary School* sa bayan ng Labo, at; sa bayan ng Jose Panganiban: *Jose Panganiban National High School, RVHES, CES, Regino Yet Elem. School* at *SEES*. Ibinase sa resulta ng *school facility assessment* ng *ABKI* ang pamamahagi ng mga aklat at *school tools* at *equipment* kaya hindi pare-pareho ang dami at uri ng mga suplay at kagamitan na tinanggap ng mga naturang paaralan. Nagbigay rin ito ng *supplemental feeding* para sa mga *undernourished ABK recipients* sa 5 barangay na sakop ng programa nito.

Ilan sa mga naipatupad nito sa ilalim ng *goal* 3 ay ang: *organizing* at *capacity building* ng *community watch groups (CWGs)*, *parents association* at *barangay children's associations (BCAs)*. Napagtibay rin nito ang *partnership/network building with different stakeholders*: *barangay level – Brgy. Councils for the Protection of Children, PTCAs*, Sangguniang Barangay at *school administrators*; *municipal level – Municipal Social Welfare and Devt. Offices, Municipal Councils for the Protection of Children* at *DepEd school administrators*, at; *provincial level – Provincial Council for the Protection of Children, Provincial Committee on Child Labor* at *Media Advocacy Groups*.

Sa ilalim ng *goal* 4, napagtibay nito ang pakikipag-ugnayan sa *Department of Labor and Employment (DOLE)* at *local government units (LGUs)* para sa *registration, accreditation* at *access* ng mga organisadong samahan ng mga

(Sundan sa pahina 6)



*Ang mga bagong halal na Board of Directors ng Camarines Norte Government Workers Multi-purpose Cooperative na sina Erlinda Sañez, Francia Pajares at Romeo Rellermo nang sila ay manumpa sa kanilang katungkulan kamakailan kay Atty. Jose T. Atienza, Provincial Legal Officer ng pamahalaang panlalawigan.*

## Salamat Gob HELP column

### Personal na Tulong-Pinansyal ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr.

| | | |
|---|---|---|
| May 23, 2008 | Ms Melinda A. Villagracia, Brgy. Caawigan, Talisay fare to Tagaytay for the Day Care Workers Week Celebration | P 5,000.00 |
| June 3 | Rodolfo D. Laguador of Brgy. Casalugan, Paracale for the purchase of T-shirt for the Lupon ng Barangay | 500.00 |
| | Cesar R. Rasco of Brgy. Maybato, Paracale for their Barangay Fiesta | 2,000.00 |
| | Janet L. Santos, for the tuition fee of her son Gian Karlo L. Santos | 1,000.00 |
| 5 | Salome Salvador, mother of Grace Zosima C. Salvador for her review expenses | 1,000.00 |
| | Leonardo Soliman for his personal expenses | 10,000.00 |
| | Ma. Isabel C. Racelis of Brgy. II, Daet for her enrollment fee at CNSC | 1,500.00 |
| | Blesilda Nava of Mabini Colleges, Inc. BSN and Brgy. Lag-on, Daet for her tuition fees | 4,986.95 |
| | Marie Antonette Remot of Mabini College, Inc. BSN for her tuition fee | 4,999.35 |
| 6 | Vergel A. Carrascal of Brgy. Mantugawe, Basud for her enrollment fees at the CNSC | 1,000.00 |
| | Victor Velasco of Brgy. San Antonio, San Lorenzo Ruiz for hospital bills of James Velasco | 500.00 |
| 18 | Maestro of Brgy. San Juan, Baao, Camarines Sur and Biaasan Org. for the purchase of television 14" as raffle prize | 4,500.00 |
| 23 | Gil P. Velez of Sta. Cruz Street, Vinzons for Billiard Competition | 10,000.00 |
| | Escolastica Canlas of Brgy. Talobatib, Labo for the evaluation in re: 2008 NDCC Gawad Kalasag (Rural Category) | 1,000.00 |
| | Antonia de Luna for the tuition fees of Marian Jeanne Y. de Luna, BEED of CNSC | 1,000.00 |
| | Eduardo Barrameda for basketball tournament at Brgy. Sta.Rosa Sur, J. Panganiban | 1,000.00 |
| | Felicidad Yebra of Brgy. Tawig, Paracale for Parlor Games for their fiesta celebration | 500.00 |
| | **TOTAL** | **50,486.30** |

# PGSP orientation-briefing isinagawa

Isinagawa ang *orientation-briefing* para sa 81 bagong iskolar ng *Provincial Government Scholarship Program (PGSP)* ngayong *SY* 2008-2009 noong Hunyo 2, 2008 sa *Audio-Visual Production Center (AVPC), 3rd floor annex, Provincial Capitol,* Daet, Camarines Norte.

Ipinatutupad ng pamahalaang panlalawigan ang naturang programang pang-edukasyon sa pamamagitan ng *Community Affairs Office (CAO)* na pinamumunuan ni *Community Affairs Officer IV* Purita P. Briñas.

Kabilang sila sa may 86 estudyante na sumailalim sa ikalawang serye ng pagsusulit na isinagawa kamakailan matapos nilang makapasa sa *written examinations* na una nang isinagawa para sa may 186 bagong gradweyt ng hayskul na nag-aplay upang maging iskolar ng *PGSP*.

Ang *PGSP qualifying and competitive examinations* ay binubuo ng *written exams* na katumbas ng 75% at *oral exams/interview* na 25% o kabuuang 100%.

Sa ilalim ng programa, ang mga iskolar ay tatanggap ng P5,000.00 tulong-pinansyal sa bawa't semestre.

Ang mga iskolar na mag-aaral sa *Camarines Norte Norte State College (CNSC)* ngunit walang pambayad sa *tuition fee* ay binigyan ng sertipi-

(Sundan sa pahina 9)

# PRRM-CNFO,
## PHO nanguna sa selebrasyon ng *25th Int'l. AIDS Candlelight Memorial* sa Camarines Norte

Pinangunahan ng *Philippine Rural Reconstruction Movement Camarines Norte Field Office (PRRM CNFO)* at *Provincial Health Office (PHO)* ang pag-obserba sa lalawigan kamakailan lamang ng *25th International AIDS Candlelight Memorial* na na nakatuon sa temang, *"Never Give Up, Never Forget!"*.

Tinampukan ito ng *candlelighting ceremony* na isinagawa sa *Daet Elevated Town Plaza* matapos ang *film showing* at *parade* na una nang isinagawa. Nakiisa rito ang mga mag-aaral mula sa *Philippine Women's University (PWU), Mabini*

(Sundan sa pahina 6)



***Ang Orientation-Briefing ng mga bagong Provincial Government Scholarship Program (PGSP) grantees ng pamahalaang panlalawigan habang nakikinig kina Marcial P. Ferrer at PGSP Program Officer Purita P. Briñas, ukol sa mga ipinatutupad na rules and regulations ng PGSP kailangang sundin ng mga bagong grantees; Ang Showcase of Talents and Recital na isinagawa sa Central Plaza Mall kaugnay ng Summer Arts Workshops 2008 na pinamagatang "Likha, Larawan at Liwanag: A Visual Arts Exhibit-Year IV na itinaguyod ng MASCD.***

# CNorte nakiisa...

(Mula sa pahina 1)

ng Gobernador.

Sinimulan ito sa pamamagitan ng *invocation* na ibinigay ni Mons. Reymundo Asis ng *St. John the Apostle Church* ng bayan ng Daet kung saan nagpasalamat siya sa mga biyaya ng KALAYAAN sa loob ng 110 taong kasarinlan; sa mga patunay na ang lahing Pilipino sa paningin ng mundo ay magiting at kapita-pitagan; sa di mabilang na patunay na pagsulong nito, subali't may pag-aming *"...hindi pa rin ganap ang kalayaan nito sapagka't marami pa ring mga bagay ang nagpapaalipin dito na ang nagiging bunga ay ang paghihirap na makamit ang minimithing kapayapaan na siyang ugat o dahilan ng tunay na KAUNLARAN".* Kaugnay nito, binasbasan ni Mons. Asis ang lahat ng mga pi-nuno ng bansa, lalawigan at pinakamaliit na pamunuan man sa pamahalaan, upang pagkalooban ito *"…ng tapang at pusong makabayan upang ibigay nila ang kanilang sarili tungo sa pagpapanibagong anyo ng aming bansa. Keep them away from vice, corruption and inconsistency. Sa halip na MAG-AWAY-AWAY ay isantabi ang labis at maagang pamumulitika at bigyan diin ang ibig sabihin ng Republic Service – BAYAN MUNA BAGO SARILI."*

Sinundan ito ng *flag raising ceremony* sa *Provincial Capitol Ground* kung saan pinangunahan ng mga matataas na opisyal ng pamahalaang panlalawigan ang pagtataas ng Pambansang

(Sundan sa pahina 4)

# Showcase of Talents and Recital

Isinagawa ang *culminating activity* ng 2008 *Summer Arts Workshops* gayundin ang *opening* ng Likha, Larawan at Liwanag *(A Visual Arts Exhibit Year IV)* sa *Central Plaza Mall Atrium* noong Mayo 23, 2008 sa ganap na ika-1:30 ng hapon.

Ito ay tinampukan ng mga kabataang lumahok sa *workshops on theater arts, folk dance, painting* at *guitar*.

Itinaguyod ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte ang naturang aktibidad sa pamamagitan ng *Museum, Archives and Shrine Curation Division (MASCD)* at sa pakikipagtulungan ng pamunuan ng *Central Plaza Mall, Group of Theater Arts Students from Bicol University (College of Arts and Letters), Camarines Norte State College (CNSC)* at ng ***Ca**marines **N**orte **V**isual **A**rtists **Ass**ociation (CANVASS).*

Mahalaga rin ang naging pagsali nina Elmer R. Baclagan at Engr. Benigno R. Elevado sa naturang *arts exhibit*.

Matatandaan na isinagawa ang *workshop on theater arts* noong Abril 14-25, 2008 na nilahukan ng 44 kabataan. Nagsilbing mga *facilitators* dito ang mga mag-aaral ng *Bicol University (B.U.)-Legazpi City* na sina Mirasol Abainza, Kristeel Bantinan, Katherine Dominique

(Sundan sa pahina 9)

## EDITORYAL

# Makabuluhang Programa ni Hukom Dating Magandang Pamarisan!

Isang kahanga-hangang programa na pinangasiwaan ni Hukom Arniel A. Dating ng *Regional Trial Court, Branch 41*, ang pagsasagawa ng *medical-dental mission* sa mga detenidong saklaw ng kanyang sala. Una na rito, ay ang pagpapaunawa niya sa mga karapatan ng mga detenido sa ilalim ng Konstitusyon. Ipinaliwanag din niya ang proseso sa mga kaso kriminal na kinasasangkutan simula sa pagkakadeteni hanggang sa pagbibigay ng hatol. Isinusulong niya ang programang ito - ang "*Criminal Judicial Process Education for Inmates*" sa paniniwalang ang mga detenido ay masasabing inosente pa hangga't hindi napatutunayang sila ay nagkasala, kung kaya't kinakailangan ang pagtiyak sa pagkakaloob sa kanila ng kanilang naaangkop na mga karapatan. Kaagapay niya sa programang ito, ang *Integrated Bar of the Philippines (IBP), Camarines Norte Chapter*, na pinamumunuan ni *Atty.* Nestor Buque Jr.

Si Hukom Dating ang kauna-unahang huwes na nagpakita ng tunay na malasakit sa mga detenido, hindi lamang sa pagkalinga sa kalusugan ng mga ito, na nagbunga naman ng maraming positibong resulta. Patunay rito ang pagkakakuha niya sa kooperasyon at tiwala ng mga preso, na nagpabilis sa pag-usad at pagkakabawas ng mga kaso sa kanyang sala, at ang pagunti ng preso sa ating mga kulungan. Sobrang sipag na huwes at 'ika nga'y: "*He always go an extra mile to reach out.*" At hindi siya basta kuntento lang sa kanyang upuan. Sa kanya napapawi ang hinaing na: "*Justice delayed is justice denied.*" Tunay na dapat pamarisan ang kanyang programa upang mabawasan ang mga taong 'ika nga'y napipilitang pumunta sa kabundukan upang doon makuha ang mailap na hustisya sa ating mga hukuman.

# Seminar sa "Rehabilitation of Degraded Lands in CNorte" isinagawa ng pamahalaang panlalawigan



Isang pagsasanay tungkol sa *"Rehabilitation of Degraded Lands in Camarines Norte"* ang isinagawa ng Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng *Ecosystem and Environmental Resource Management Division ng Office of the Governor (EERMD-GO)* sa dalawang (2_ magkahiwalay na lugar noong Hunyo 25-26, 2008.

Binubuo ng 2 bahagi ang pagsasanay: ang una na kinapapalooban ng mga *lectures* tungkol sa *Philippine Environment Setting and Introduction of Potential Natural Vegetation Method* (*MIYAWAKI Method*) *in Reforestation* at *Bamboo Charcoal Production and Bamboo Vinegar Collection* na isinagawa sa *Audio Visual Production Center, Provincial Capitol*, Daet noong unang araw samantalang ang *practicum* ay sa *Resettlement area*, Brgy. Matacong, San Lorenzo Ruiz nang sumunod na araw.

Sa ginanap na programa sa *bunkhouse* ng *Matacong Agro Tree Planters Association (MATPAI)* sa pagtatapos ng 2 araw na *training*, sinabi ni Engr Leopoldo P. Badiola, hepe ng EERMD-GO sa kanyang mensahe, na ang nagsidalo sa katatapos na *training* ang kauna-unahan dito sa lalawigan na nagkaroon ng kaalaman sa pagtatanim ng puno sa pamamagitan ng *Miyawaki method*, isang teknolohiya mula sa bansang Hapon.

Idinagdag pa niya na umaasa siya na ang kaalamang nakuha ng mga dumalo dito ay ibahagi nila sa iba at hindi ito itatago na lamang sa kanilang sarili.

Nagbigay naman ang mga dumalo ng kanya-kanyang *impressions*. Halos iisa ang naging pahayag ng lahat, na marami silang natutuhan lalo na sa pagkolekta ng suka mula sa paggawa ng uling mula sa kawayan, at sa pagtatanim ng kahoy sa pamamaraang karaniwang ginagawa sa bansang Hapon.

Ang nasabing *training* ay dinaluhan ng 23 partisipantes na kinabibilangan ng mga pangulo ng iba't-ibang *peoples organizations* sa iba't-ibang lugar sa lalawigan at mga *wildlife enforcement officers* sa Brgy. Tulay na Lupa sa bayan ng Labo, at Brgy. Matacong sa bayan ng San Lorenzo Ruiz.

Naging tagapagsalita sina Engr. Badiola na siyang nagbigav ng *overview* ng *training* at Forester Teodoro Licarte na siya namang tumalakay tungkol sa *Miyawaki Method in Reforestation* at *Bamboo Charcoal Production and Bamboo Vinegar Collection*. (**GONZALO C. BINAY)**

# CNorte nakiisa...

*(Mula sa pahina 3)*

Watawat, *provincial color* at *municipal colors*. Isinalarawan naman ng mga kabataang nagtapos ng *Theater Arts Workshop* ang bawat titik ng *Philippine National Anthem (Tableau)* at *Camarines Norte Hymn* sa saliw ng pagtugtog ng *Mabini Ambassador's Band.*

Matapos ito, ang mga mensahe nina Gobernador Jesus O. Typoco Jr. at Kinatawan Liwayway Vinzons-Chato na magkasunod na binasa ng kani-kanilang mga kinatawan na sina *Provincial Administrator* Napoleon A. Malaluan at Ms. Luisa Vinzons.

Kasunod na isinagawa rito ang *socio-civic* at *military parade* na pinangunahan ng hanay ng *Philippine National Police (PNP), Philippine Army (PA)*, mga mag-aaral mula sa mga pampubliko at pribadong paaralang elementarya at sekondarya sa bayan ng Daet, mga opisyal at kawani ng iba't-ibang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan, pamahalaang nasyonal, pamahalaang lokal, pribado at pampublikong organisasyon at samahang sosyo-sibiko na nakabase sa lalawigan.

Bilang karagdagan, ang naturang gawain ay bilang pagtalima sa Kaatasang Tagapagpaganap Blg. 2008-27 na ipinalabas ni Gob. Typoco na nagdeklara sa Mayo 28 hanggang Hunyo 12 bilang *Flag Days* sa buong Lalawigan ng Camarines Norte at pagbibigay-tuon dito sa pamamagitan ng pagdispley ng mga watawat; pag-atas sa panlalawigang selebrasyon sa ika-110 taong anibersaryo ng Kalayaan ng Pilipinas; at pag-atas din sa pagbibigay ng lubos na suporta at partisipasyon ng lahat na *local government units (LGUs), national government agencies (NGAs)*, lahat na *government agencies and instrumentalities*, lahat na pampubliko at pribadong paaralan, pangsosyo-sibiko at panrelihiyong organisasyon at ng publiko.

Samantala, matatandaan na ang Pambansang Watawat ng Pilipinas ay unang itinaas ni Hen. Emilio Aguinaldo noong Mayo 28, 1898 sa Alapan, Imus, Cavite matapos ang matagumpay na pakikipaglaban sa puwersa ng mga Kastila. Dahil sa makulay na kasaysayang ito, ipinagdiriwang natin ang Mayo 28 ng bawa't taon bilang Flag Day sa bisa ng *Republic Act 8491*. ***AIDA B. PANDEAGUA/LT IBASCO***

BATINGAW
DIARYO NG MASA PARA SA KAUNLARAN
PROVINCE OF CAMARINES NORTE OFFICIAL SEAL

***EDITORIAL BOARD:*** Governor Jesus O. Typoco, Jr., chairman; vice chairman; Provincial Administrator Napoleon A. Malaluan; PDIC-PIA; and Purita P. Briñas, members.

***EDITORS:*** Purita P. Briñas, executive; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Caneth A. Idioma, opinion; Luigi Martin P. Querubin, official photographer; Wilson V. Porcincula, art/ design .

***REPORTERS:*** Fiscal and Budget Management – Marilyn A. Soltes, head; PTO - Mari-vic Estacion and Rosita Iligan; Library Services–Jun Moya; Sports– Jose Reniva; Infrastructure - Engr. Eden F. Borja; Planning and Development – Marilyn P. Asis, head; Emmalyn Y. Quiñonez; Agriculture –Helen B. Abordo, head; Health—Milave L. Schneider

***OFFICIAL PHOTOGRAPHER*** – Luigi Martin P. Querubin.

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:*** OPAg-Helen B. Abordo, Melinda L. Jerez; PROVET-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho; PEO-Geremias Ibana; PPDO-Amelia Lopez, Dina G. Baleza; MASCD-G.O.—Aida B. Pandeagua; GSO-Aicel Gache, Darius Mirasol; PBO-Estela P. Adorna; PCSSDD-Caneth A. Idioma; SP-Josephine Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-Dario C. Dime; PAssO-Jeffrey M. Regidor, Nerissa A. Augusto; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez; PSEMO-Arnel Ferrer; Tourism -Melvic Briñas.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Development Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pa-ngalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahilingan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.

# Mga piling larawan





*Ang mga miyembro ng Sangguniang Panlalawigan na sina Lino Regala, Jose Segundo, Elping Tenorio, Tess Malubay, Jonah Pimentel, Romeo Marmol, Jeff Pandi, Bong Avila at Mark Litana kasama sina PA Nap Malaluan at Gng. Luisa Vinzons sa selebrasyon sa lalawiganng ika-110 taong anibersaryo ng kalayaan ng Pilipinas.*



*Pinipirmahan ni Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. ang Memorandum of Agreement ukol sa Agricultural Production Loan Assistance Program (APLP) sa pagitan ng pamahalaang panlalawigan at mga accredited agricultural input dealers na ginanap sa tanggapan ng gobernador. Kasama rito si Provincial Agriculturist Rodolfo A. Salamero.*




*Ang koponan ng Governors' Office sa pangunguna ni Engr. Gerry Quiñones nang tanggapin nila ang tropeo ng kampeonato nang manalo sila laban sa koponan ng Provincial Health Office (PHO). Ito na ang ika-3 taong pagwawagi sa kampeonato ng tanggapan ng gobernador. Kasama sa larawan ang mga staff ng Governors'Office at mga manlalaro sa pangunguna ng playing coach na si Bobbet Padilla.*



*Si Provincial Administrator Napoleon A. Malaluan, M.D. habang ibinibigay ang mensahe ni Gov. Jesus O. Typoco, Jr. sa pagdiriwang ng ika-110 taong kasarinlan ng Pilipinas na ginanap sa harapan ng Provincial Capitol.*



*Ang bagong Philippine Tourism Authority General Manager Mark Lapid kasama si Bokal Pamela Pardo sa isang Celebration Party sa 19th Hole, Intramuros, Manila noong Hunyo 11, 2008, pagkatapos na mahirang ito sa kanyang bagong posisyon, kung saan din pinangakuan nito ng suporta ang mga proyekto ni Bokal Pardo.*




*Ang National Movement for Young Legislators (NMYL)' Leadership & Development Management Training Course sa Asian Institute of Management (AIM) na ginanap noong Hunyo 9-13, 2008 at dinaluhan nina SP Members Pamela Pardo-Pujalte at Arthur Michael G. Canlas ng Camarines Norte (nasa gitna).*

# PRRM-CNFO, PHO...

(Mula sa pahina 3)

*Colleges (MC), La Consolacion College of Daet (LCCD), Daet SK Federation, Daet Youth AIDS Council, Local Government Units (LGUs), Municipal Health Offices (MHOs), PRRYA-Camarines Norte Chapter, Daet Entertainment Establishment Managers and Owners Association* gayundin ang mga mamamayan ng Daet.

Ilan ito sa mga aktibidad na isinagawa ng *PRRM* sa ilalim ng *Human Immuno-Virus/ Acquired Immune Efficiency Syndrome (HIV/ AIDS) Prevention Project* na pinupunduhan ng *United Nations Children's Fund (UNICEF)*.

Nakatuwang dito ng *PRRM* ang Sangguniang Kabataan (SK) *Federation*-Daet, *Daet Youth AIDS Council, Municipal Health Office, Philippine Information Agency (PIA), PRRYA -Camarines Norte Chapter,* Pamahalaang Bayan ng Daet at Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte.

Sa programa namang isinagawa sa *candlelighting activity*, nagbigay ng mensahe si *PRRM Head* Aristotle N. Pitapit at ang mga sumusunod na opisyal ng mga katuwang na ahensya nito: Ian Sta. Maria – *DYAC*, Bryan Ray G. Campaña Daet SK Federation, Joferan Baylon – *PRRYA CN Chapter*, Marita Mahino – *DEEMOA*, Konsehal Joan Kristine Tabernilla – SB Daet, Ma. Andrea S. Apuya – *Daet MHO* at; Milave L. Schneider – *PHO*.

Pinangunahan nina Schneider, Tabernilla, at Milave S. Colico ang *candle lighting ceremony* na sinundan naman ng mga pinuno ng mga organisasyon at lahat na mga kalahok.

Maliban sa mga nabanggit na aktibidad, ay nakiisa sa pagsasabit ng istremer ang mga *entertainment establishments*, ospital, opisina, *LGUs*, mga pribado at pampublikong paaralan at mga ahensya ng pamahalaang nasyonal simula Mayo 14-21.

Bilang karagdagan, ang *Candlelight Memorial* ay nagsimula noong 1983 sa panahong nagkaroon ng gulo at maling pananaw sa misteryosong karamdaman na dumapo sa *gay population* ng San Francisco, *United States*. Dahil sa ang alam nila ay maaari silang mamatay sa loob ng isang taon at di makatatanggap ng suportang pulitikal, 4 na kabataang lalaki – *Bobbi Campbell, Bobby Reynolds, Dan Turner* at *Mark Feldman* – ang nagdesisyon na harapin ang karamdaman sa pamamagitan ng pagbuo ng isang *small vigil* sa likod ng *banner* na nakasulat ang katagang *"Fighting for Our Lives"*.

Nagplano ang mga orihinal na *coordinators* nito na magmartsa sa *Castro District* hanggang *City Hall* at gumawa ng *poster*. Sa pagsali ng ilan, libu-libo pa ang naakit na sumali sa *candlelight*, na nagpasimula sa isang kilusan na nagbigay-inspirasyon sa maraming tao sa iba pang bansa na nabubuhay na may *HIV/AIDS* upang malinawan ng mga komunidad at mga pambansang lider, para makakuha ng suporta, at kumilos ang mga tao. Ang *Candlelight Memorial* ay pinangasiwaan ng organisasyong *Mobilization Against AIDS* hanggang pasimulan ng Konseho *(Council)* ang naturang aktibidad *(event)* noong 2000.

Ngayon, ang *Candlelight* ay nananatili pa ring isa sa pinakaimportanteng *civil society-led efforts* dahil ipinakikita nito ang mahalagang papel na ginagampanan ng komunidad sa paglaban kontra sa *HIV/AIDS* gayundin ang seryosong pakikipag-ugnayan nito sa mga pambansang pamahalaan hindi lamang sa pagsusulong ng mga programa para maiwasan, magamot at mapangalagaan ang mga may *HIV/AIDS* kundi pati na ang iba pang kaugnay na mga karamdaman at parehong usapin.

Ang *International AIDS Candlelight Memorial* na programa ng *Global Health Council* na nagsimula noong 1983 ay isinasagawa tuwing pangatlong Linggo ng Mayo, at una nang pinangunahan ng may 1,200 *volunteer candlelight coordinators* mula sa 119 bansa sa pamamagitan ng mga *vigils* sa kanilang komunidad. Ito ay isang pagkakataon para maituro sa mga tao ang panganib ng *HIV/AIDS*, makakuha ng suporta para sa pagbabago ng polisiya, maisulong ang ugnayan ng mga samahan, talakayan sa komunidad at mapaunlad ang kakayahan para mapakilos ang pamayanan.

Sa 33 milyong katao sa buong mundo na tinatayang maaaring magkaroon ng *HIV/AIDS*, ang *Candlelight* ay nagsisilbing mahalagang tulong-pagpapaalaala na nagbubuklod sa mga pamayanan at pamahalaan, inaalis ang mga hindi pagkakaunawang pangsosyal, at nagbibigay ng pag-asa sa mga susunod pang henerasyon. ***LT IBASCO***




## List of Vacant Positions, Provl. Govt. of Camarines Norte

| Position Title | Item No. | Salary Grade | Date Vacated | Level | Place of Assignment | Education | Experience | Qualification /Requirement | | Other Requirements |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | | | Training | Eligibility | |
| Prov'l. Gov't. Dept. Head (Prov'l. Administrator) | 2000 | 26 | | 2 | Off. of the Prov'l. Administrator | Bachelor's Degree preferred in Public Administration, Law or any related course | Three (3) years of relevant experience | None | First grade or its equivalent | |
| Prov'l. Gov't. Dept. Head (Prov'l. Legal Officer) | 4751 | 26 | | 2 | Provincial Legal Office | Bachelor of Laws | Five (5) years of experience in the practice of law | None | R.A. 1080 | |
| Messenger (Admin .Aide III - Clerk-1) | 5516 | 2 | | 1 | PGCN | Elementary School Graduate | None required | None required | None required | |
| Admin. Assistant II (Clerk IV) | 1016 | 8 | | 1 | PCSSD | Completion of two (2) years studies in college | One (1) year of relevant experience | Four (4) hours of relevant training | C. S. Sub-professional | |
| Admin. Assistant II (Clerk IV) | 1024 | 8 | | 1 | Provincial Gov't . Office | Completion of two (2) years studies in college | One (1) year of relevant experience | Four (4) hours of relevant training | C. S. Sub-professional | |
| Computer Operator IV | 7066 | 14 | | 1 | PEO | Completion of two (2) years studies in college or high School Graduate with relevant vocational/ trade course | Three (3) years of relevant experience | 16 hours of relevant training | C. S. Subprofessional | |
| Agriculturist II | 9511 | 15 | | 2 | Off . of the Provincial Agriculturist | Bachelor's Degree relevant to the job | One (1) year of relevant experience | Four (4) hours of relevant training | C.S. Professional | |
| Agricultural Technologist | 9537 &9539 | 10 | | 2 | Off. of the Provincial Agriculturist | Bachelor's Degree relevant to the job | None required | None required | C. S. Professional | |
| Agriculturist II | 9506 | 15 | | 2 | Off. of the Provincial Agriculturist | Bachelor's Degree relevant to the job | One (1) year of relevant experience | Four (4) hours of relevant training | C.S. Professional | |
| Market Specialist | 9552 | 11 | | 2 | Off. Of the Provincial Agriculturist | Bachelor's Degree | None required | None required | C. S. Professional | |

***SGD) EDILBERTO C. BARAQUIEL, HRMO IV***

# ABK initiative...

(Mula sa pahina 2)

magulang sa *training cum livelihood development program* ng *DOLE* at *basic social services* ng *LGUs*.

Nagbigay rin ito ng tulong pinansyal sa pagpapatupad ng programang pangkabuhayan ng mga pamilya ng mga kabataang benepisaryo ng *ABKI* na sa hinaharap ay makapagbibigay karagdagang kita sa kanila para matustusan ang pag-aaral ng kanilang mga anak. Sa malapit na hinaharap, ipatutupad nito ang *coco coir production project* sa pamamagitan ng *Camarines Norte Alay-Lakad Foundation, Inc. (CNALFI)*. ***LT IBASCO***

(Continued from page 1)

WHEREAS, women and children being the most vulnerable sectors of our society, have the right to be shielded from all forms of sexual exploitation and abuse, including the exploitative use in pornographic performances and materials through the internet that has become an abstract yet significant contributor to their exploitation in modern-day society;

WHEREAS, the entry of minors/students in the internet cafés or computer rental shops/computer gaming shops or amusement centers, must likewise be regulated to prevent them from excessive playing of computer games especially during school hours that divert their attention from their lessons that can adversely affect their performance in school;

WHEREAS, Republic Act No. 7610, otherwise known as the "*Special Protection of Children Against Child Abuse, Exploitation and Discrimination Act",* mandates the protection of children from all forms of abuse, neglect, cruelty, exploitation and discrimination, and other conditions prejudicial to their development, protect them from being gravely threatened or endangered by circumstances which affect or will affect their normal development and over which they have no control, and that every effort shall be exerted to promote the welfare of children and enhance their opportunities for a useful and happy life;

WHEREAS, some internet/cyber cafés or computer rental shops are used as medium for trafficking in violation of Republic Act No. 9208, otherwise known as "*Anti-Trafficking in Persons Act of 2003*" that provides protection to victims of pornography, prostitution, and related forms of exploitation;

WHEREAS, pursuant to Sections 16 and 458(a)(5) of RA 7160, local governments are vested with the power to regulate the operation and maintenance of establishments, to include internet cafés, fun houses and video games, computer rental shops, and computer gaming shops or amusement centers, and to enact ordinances for the general welfare of its inhabitants by way of preventing, suppressing, and imposing appropriate penalties for such activities inimical to the social, spiritual and moral development and welfare of the youth and society.

NOW, THEREFORE, on joint motion made by HON. PAMELA PARDO-PUJALTE, HON. LINO P. REGALA, HON. ARTHUR MICHAEL G. CANLAS and HON. JONAH G. PIMENTEL, and duly seconded-

BE IT RESOLVED, as it is hereby resolved, to adopt –

## PROVINCIAL ORDINANCE NO. 10-2008

***AN ORDINANCE REGULATING THE ESTABLISHMENT AND OPERATION OF INTERNET CAFÉS OR COMPUTER RENTAL SHOPS/COMPUTER GAMING SHOPS OR CENTERS IN THE PROVINCE OF CAMARINES NORTE AND PROVIDING PENALTIES FOR VIOLATION THEREOF, REVISING FOR THE PURPOSE, PROVINCIAL ORDINANCE NO. 30-2003, OTHERWISE KNOWN AS "AN ORDINANCE REGULATING THE OPERATION OF FUNHOUSES WITH VIDEO GAMES AND THE LIKE, AND PROVIDING PENALTIES FOR VIOLATION THEREOF".***

BE IT ORDAINED by the SANGGUNIANG PANLALAWIGAN OF CAMARINES NORTE, in session duly assembled that:-

### ARTICLE 1
### Definition of Terms

**SECTION 1. DEFINITION OF TERMS**. – The following words and phrases used in this Ordinance shall be defined as follows:

a. Person – refers to any natural or juridical entity;
b. Child – refers to a person below eighteen (18) years of age;
c. Computer – refers to an electronic device that accepts, processes, stores, and outputs data at high speed according to programmed instruction;
d. Internet – refers to the worldwide system of computer network in which a user at any one computer can directly get information from any other computers in the network;
e. LAN (Local Area Network) – refers to a group of computers with associated devices that share a common communication line and typically share resources and data within a small geographic area;
f. Internet Pornography – refers to the visual representation or images showing prohibited acts as mentioned in Sec. 1, Art. V hereof through any of the electronic devices or means, with the end in view of satisfying one's lust or sexual gratification, regardless of geographic location, including but not limited to the following: digital camera, camera-equipped mobile phones, webcam or similar other gadgets;
g. Webcam – is a video or digital camera usually attached to a computer designed to take photographs or images and transmit the same over the internet;
h. Pornographic Site – refers to a website with display of erotic behavior intended to cause sexual excitement.
i. Satanic Site – refers to the sinister, devilish, wicked, evil and fiendish web site on the internet;
j. Violent Site – refers to a website on the internet which downloads brutal, furious, vicious or sadistic scenes/materials;
k. Sadism as herein referred is the sexual pleasure or gratification in the infliction of pain and suffering upon another.
l. Masochism is sexual pleasure or gratification of having pain or suffering, inflicted upon self;
m. Amusement – refers to pleasurable diversions and entertainment synonymous to recreation, relaxation, avocation, pastime or fun;
n. Fun Houses – includes places where one seeks admission to entertain himself by direct participation or inter-action with computers, video games and/or similar devices;
o. User's Log – refers to the computer data registering the customer of the internet establishment prior to the use of the computer, that shall include the name, age, address, school, and a valid ID or any legitimate proof of identification;
p. Users' Logbook – refers to a logbook or notebook that is filled up by the user containing his personal circumstances as afore-mentioned;
